Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-13 NG HUNYO, 2002, ARAW NG HUWEBES, SA GANAP NA IKA-9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | .............. | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Bernardo E. Ison | .............. | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | .............. | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | .............. | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | .............. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .............. | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | .............. | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | .............. | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Louie C. de Leon | .............. | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | .............. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | .............. | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 159-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI G. JULIAN AGLAHI NA MAPALIPAT SA PAMAHALAANG BAYAN ANG PAMAMAHALA SA MGA DAANG (ROAD LOTS) NASASAKOP NG ISANG SIMPLENG SABDIBISYONG KANYANG PAG-AARI SA BARANGAY PATIMBAO NG BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T*, may kahilingang iniharap sa sangguniang ito si G. Julian Aglahi na mapalipat sa pamahalaang bayan ang mga daang (road lots) sinasaklaw ng isang simpleng sabdibisyong kanyang pag-aari na may sukat at habang 669 metro-kuwadrado na nasa Brgy Patimbao ng bayang ito;

*SAPAGKA'T*, matapos ang pagtalakay at malamang ang naturang road lots ay sumasakop sa isang lupang tirahan na matagal nang umiiral at napatala at kinilala na bilang isang simple at legal na sabdibisyon ay ipinasiya ng Lupon sa Lupain at Sabdibisyon ng sangguniang ito na pagtibayin ang kahilingang nabanggit.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at Angelito U. Limjuco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang kahilingan ni G. Julian Aglahi na mapalipat sa pamahalaang bayan ang pamamahala sa mga daang (road lots) nasasakop ng isang simpleng sabdibisyong kanyang pag-aari sa Brgy. Patimbao ng bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Zoning Officer at may-ari ng sabdibisyon, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan